Saint John School

of San Juan, San Ildefonso, Bulacan, Inc.

IKA-APAT NA LAGUMANG PAGSUSULIT

School Year 2021-2022

Pangalan: _____ **Score:** _____

Guro: **Neslyn D.B Perez** **Grade 4 -** _____

I. Punan ang patlang ng uri ng pangungusap. Gamitin ang mga sumusunod na titik: PS (pasalaysay), PT (patanong), PD (padamdam), PU (pautos), at PK (pakiusap).

____ 1. Dito tayo sasakay ng dyip.

____ 2. Dadaan po ba kayo sa palengke?

____ 3. Hoy, bawal sumingit sa pila!

____ 4. Mahaba pala ang pila tuwing umaga.

____ 5. Pakitulungan ang matanda sa pagsakay.

____ 6. May bakanteng upuan pa ba?

____ 7. Huwag kang sumabit sa dyip.

____ 8. Walong piso ang pasahe.

____ 9. Pakiabot po ang bayad ko.

____ 10. Kunin mo ang sukli.

____ 11. May bababa ba sa highway?

____ 12. Pakibaba po kami sa palengke.

____ 13. Para po!

____ 14. Naku, bawal tumigil ang dyip diyan!

____ 15. Sundin mo ang mga batas trapiko.

LIVEWORKSHEETS

____ 16. Pakisabi po sa akin kung may nakita kayong pugad.

____ 17. Ipasok mo muna ang sisiw sa loob ng bahay.

____ 18. Umaambon na po ba?

____ 19. Ay, mababasa ang mga sampay ko!

____ 20. Bilis, pumasok na tayo sa loob!

_____21. Aray! Natapakan mo ang sugat ko.

_____22. Bumili ka muna ng toyo sa tindahan.

_____23. Ikaw na ang magsaing ngayon.

_____24. Naku! Ang Nanay mo nahihilong kasalukuyan sa kwarto.

_____25. Hala! Hindi mo ba nakita ang aking pitaka.

II. Punan ng titik P ang patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay payak, T kung ito ay tambalan, at H kung ito ay hugnayan.

_____26. Ang pangulo ay umakyat sa entablado at nagbigay ng talumpati.

_____27. Mamamasyal kami sa plaza pagkatapos namin magsimba.

_____28. Malalaki ang mga silid-tulugan at malinis ang malaking bakuran.

_____29. Pumasok ang mga bata nang marinig nila ang tunog ng kampanilya.

_____30. Ang blusa ay maganda ngunit hindi ito kasya sa akin.

_____31. Kung wala akong kasama, hindi ako papayagan na umalis ng bahay.

_____32. Nahuli sa klase si Tom dahil hinatid pa niya ang kanyang kapatid.

_____33. Kumakain ng almusal si Kuya Noel at nagbibihis si Ate Sonia sa kuwarto.

_____34. Nagpatahi ng bagong uniporme si Natalie sa kanyang tita na modista.

LIVEWORKSHEETS

_____35. Alamin natin ang mga karapatan ng bawat batang Filipino.

_____36. Papaliguan namin ang aso o didiligan namin ang mga halaman.

_____37. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw.

_____38. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay.

_____39. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas.

_____40. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop.

_____41. Hindi tayo makakaalis habang malakas pa ang buhos ng ulan.

_____42. Mahilig mag-alaga ng iba't ibang hayop ang kapatid ko.

_____43. Dahil masipag at desidido siya, nakatayo siya ng sarili niyang negosyo.

_____44. Umalis ako sa bahay nang maaga subalit wala akong masakyan na dyip.

_____45. Kapayapaan at kaayusan ay nais ng mga mamamayan sa Mindanao.

III. Punan ng titik H ang patlang kung ang pangungusap ay hugnayan at tiktik L naman kung ang pangungusap ay langkapan. (2puntos)

_____46. Dahil nagmadaling umalis si Ana, hindi siya nakapagpaalam kay Itay at nakalimutan niyang dalhin ang kanyang baon.

_____47. Maaaring matanggal siya sa trabaho kapag magpatuloy siya sa pagpapabaya.

LIVEWORKSHEETS

_____48. Mag-ehersisyo tayo sa parke tuwing umaga upang tumibay ang ating mga puso.

_____49. Tumawag ka kay Ate Susan at alamin mo ang kalagayan ni Nanay nang hindi ka natataranta sa pag-aalala.

_____50. Sumasakay ka ba ng bus o sinusundo ka ba ng Kuya mo kapag may klase ka sa kolehiyo?

IV. Magbigay ng limang (5) uri ng pangungusap na walang paksa.

Tandaan: Ang ating pinag-aralan patungkol sa pangungusap na walang paksa ay PITO (7).

51.

52.

53.

54.

55.

LIVEWORKSHEETS